# Palaisdaan

“Tatay malaki ang bangus na ito. Ayun pa ang apahap, malaki rin. Iihawin ko iyan,” ang sigaw ni Adi. “Ang alimango, baka maipit ka,” ang sabi ng tatay niya.

“Hindi po, sanay ako sa alimango,” ang pagyayabang ni Adi.



FT FUN TEACHER FILES

# Pista sa Nayon

May pista sa nayon. Naroon ang mga taga Hulo. Iniwan ang kanilang mga dampa. Naroon ang mga taga bukid. Iniwan ang kanilang pananim. May musiko sa daan. Makintab ang suot na damit. Puno ng tao ang loob simbahan. Lahat ay masaya.

FT FUN TEACHER FILES

# Sa Dagat

"Ano ang bitbit mo, Lito?" ang tanong ni Adi. "Bibingka at puto, suha at duhat," ang sagot ni Lito. "Salamat at may madadala tayo sa dagat," ang sabi ni Adi. "Tayo na at mamangka. Manguha tayo ng talaba. Tara na sa bangka. Handa ka na ba?

FT FUN TEACHER FILES

# Bumilang Tayo

Isa, dalawa, tatlo, apat.
Isa at tatlo ay apat.
Apat alisan ng isa ay tatlo.
Isa ang talaba na nakuha ni Adi. Ang kay Lito ay tatlo. Isang talaba at tatlong talaba ay apat na talaba. Apat na talaba ang nakuha ng dalawa.

FUN TEACHER FILES

# Sa Paaralan

Si Leni ay nasa paaralan. Siya ay nasa unang baitang. Pitong taon ang kaniyang gulang. Ang guro niya ay si Bb. Galang. Si Leni ay marunong magbasa. Nagsusulat din siya. Nag-aaral siyang mabuti. Natutuwa ang magulang niya sa kanya.

FT FUN TEACHER FILES

# Sa Pamilihan

Ngayon ay Linggo. Ngayon ay araw ng pamilihan. May dalang paninda ang mga tao. Kasama ni Leni ang kanyang ina. May sitaw, bataw, kasoy at patola. May patani, upo at kalabasa. Maraming tao sa pamilihan. Masaya sa bayan tuwing araw ng pamilihan.

FT FUN TEACHER FILES

# Sa Ilog

"Adi, ibig mo bang maligo?" ang tanong ni Lito. "Oo, tayo na sa ilog, malamig ang tubig doon," ang tugon ni Adi. "Manghuli tayo ng dalag. Mag-ihaw tayong dalawa," ang sabi ng magkaibigan.

FT FUN TEACHER FILES

# Aso at Pusa

Si Mira ay may aso at pusa. Ito ay masasaya. Ang pusa ay may laso. Ang aso ay may laso rin. Ang laso ng pusa ay puti. Ang laso ng aso ay puti rin. Ang mata ng pusa ay kulay pula. Ang mata ng aso ay kulay kape. Ang aso at pusa ni Mira ay naglalaro.

FT FUN TEACHER FILES

# Sa Bukid

Masaya sa bukid nina Lito. Maputik ang mga pitak. Sunod-sunod ang mga kalabaw. Sinusuyod ang lupa. Maraming dalaga at binata. May tugtugan, may kantahan. Madalas ang hagis ng punla. Mabilis ang mga mananananim. Taniman na pala ng palay.

FT FUN TEACHER FILES

# Sa Sapa

"Lito, tayo na sa sapa, ang sabi ni Adi.
"Oo, tayo na. Manghuli tayo ng hito," ang sabi ni Lito.
"Sa sapa tayo mananghali," ang wika ni Adi.
"Mabuti nga," ani Lito.
Ang dalawa ay masaya.

FT FUN TEACHER FILES

# Sa Sapa

“Lito, tayo na sa sapa, ang sabi ni Adi.

“Oo, tayo na. Manghuli tayo ng hito,” ang sabi ni Lito.

“Sa sapa tayo mananghali,” ang wika ni Adi.

“Mabuti nga,” ani Lito.

Ang dalawa ay masaya.

FUN TEACHER FILES

# Munting Guro

Si Mang Martin ay may gulang na. Hindi siya marunong bumasa. Hindi rin siya makasulat. Tinuturuan siyang bumasa ni Adi. Tinuturuan din siyang sumulat. Si Adi ay nasa ikaapat na baitang. Si Gng. Santos ang kaniyang guro.

FT FUN TEACHER FILES

# Si Lino

Si Lino ay bata. Siya ay nakatira sa kubo. May ina si Lino. Siya ay si Aling Lina. May ama si Lino. Siya ay si Mang Bino. Ang pamilya nila ay maligaya dahil sila ay sama-sama. Simple man ang buhay ay ayos lang basta ang lahat ay masaya.

FT FUN TEACHER FILES

# Ang Kubo

Nakatira si Leni sa kubo. Ang kubo ay nasa tabi ng puno. Marami ang sanga ng puno. Marami ang bunga ng sanga. Ang ama ni Leni ay nasa kubo. Ang ina niya ay nasa kubo. Masaya sila sa kubo.

FUN TEACHER FILES